# Makibaka kayo sa mga tagapagtambal sa pamamagitan ng mga yaman ninyo, mga sarili ninyo, at mga dila ninyo."}

Ayon kay Anas (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Makibaka kayo sa mga tagapagtambal sa pamamagitan ng mga yaman ninyo, mga sarili ninyo, at mga dila ninyo."}
[صحيح] [رواه أبو داود والنسائي وأحمد]

Nag-utos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pakikibaka sa mga tagatangging sumampalataya at pagkakaloob ng pagsisikap sa pakikipagharap sa kanila sa pamamagitan ng bawat kaparaanan ayon sa abot ng kakayahan upang ang Salita ni Allāh ay maging ang pinakamataas. Kabilang doon: 1. Ang paggugol ng salapi sa pakikibaka sa kanila gaya ng pagbili ng sandata at panustos sa mga nakikibaka at tulad niyon. 2. Ang pagdalo ng sarili at katawan sa pakikipagtagpo sa kanila at pagtatanggol laban sa kanila. 3. Ang pag-aanyaya sa kanila sa Relihiyong ito ng Islām sa pamamagitan ng dila, paglalatag ng katwiran sa kanila, pagsawata sa kanila, at pagtugon sa kanila.